

7 mga bagay na dapat malaman ng mga magulang tungkol sa bakuna sa COVID-19



1. Kailangang mabakunahan ang mga bata.

Higit na mapanganib ang COVID-19 kumpara sa potensyal na mga peligro mula sa pagpapabakuna. Hindi pa natin nalalaman kung ano ang pangmatagalang maidudulot sa mga bata ng pagkahawa sa COVID-19. Iniuulat ng mga bata ang mga sintomas ng “long COVID” na nakaapekto sa kanilang pang-araw-araw na buhay sa loob ng maraming linggo pagkatapos mahawa ng COVID¹. Ang COVID-19 ay isa na ngayon sa pinakamataas na 10 na sanhi ng pagkamatay para sa mga kabataan sa Estados Unidos, at 1/3 ng mga nagbibinata/nagdadalaga na naospital ay nangailangan ng intensive care². Mga 30% ng mga kabataang naospital para sa COVID-19 ay walang dati nang kondisyong medikal³.



2. Hindi minadali ang bakuna.

Pinagtrabahuhan ng mga eksperto ang teknolohiyang ito nang mahigit sa isang dekada. Walang nalaktawang mga hakbang na pangkaligtasan upang mabuo ang mga bakuna sa COVID-19—tanging ang napakaraming rekisitos at burukrasya—at ang mga klinikal na mga pagsubok ay sumailalim sa kaparehong mga hakbang gaya ng sa iba pang bakuna. Pinapakita ng mga datos mula sa mga klinikal na pagsubok at mga pag-aaral sa totoong nangyayari sa mundo na ang mga bakuna ay ligtas at mabisa. Mabilis na napag-aralan ng mga siyentipiko ang mga bakuna dahil daang libong mga tao ang nagboluntaryo para sa mga klinikal na pagsubok - sa halip na maghintay maraming taon upang makahanap ng sapat na mga kalahok.



3. Pangkaraniwan ang banayad at katamtamang mga pangalawang epekto.

Ang iyong anak ay maaaring may banayad o katamtamang mga sintomas pagkatapos mabakunahan, gaya ng lagnat, panakit ng kalamnan, sakit ng ulo, pakiramdam ng pagkapagod, o pamumula sa lugar na iniksyon. Pangkaraniwan ito pagkatapos ng ano mang bakuna, at nangangahulugang nagsimula na ang katawan mo na lumikha ng immune response at natututuhan nang labanan ang sakit. Bihira ang malubhang pangalawang mga epekto at reaksyong alerhiya. Mas mataas ang pagkakataon mo na magkaroon ng COVID-19 na banta sa buhay kumpara sa peligro na magkaroon ka ng seryosong pangalawang epekto mula sa bakuna.



4. Malabong mangyari ang pangmatagalang pangalawang mga epekto, gaya ng pagkabaog o pagkalaglag ng bata sa sinapupunan ng ina.

Kung titingnan mo ang mga kasaysayan ng lahat ng mga pagbabakuna, nararanasan ang halos lahat ng pangmatagalang pangalawang epekto mula sa pagpapabakuna sa loob ng 6 na linggo matapos ibigay ang bakuna. Kaya naman hinihingi ng FDA ang paghihintay ng hindi bababa sa 60 na araw pagkatapos ng katapusan ng isang klinikal na pagsubok bago maaring ibigay ang isang emergency use authorization (EUA)

Nakatanggap ng bakuna ang libu-libong mga kababaihan habang buntis o nabuntis pagkatapos magpabakuna. Pinapakita ng mga datos⁴ na ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi nagdudulot ng pagkabaog, pagkalaglag ng bata sa sinapupunan ng ina, o ng mga komplikasyon sa pagbubuntis o panganganak para sa ina o sanggol. Gayunpaman, nakita natin ang maraming mga babaeng buntis na mahawa sa COVID-19 at maranasan ang seryosong mga komplikasyon ng virus⁵.

1 <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC7927578/>

2 [https://www.cdc.gov/mmwr/volumes/70/wr/mm7023e1.htm?s_cid=mm7023e1_w%20\[cdc.gov\]](https://www.cdc.gov/mmwr/volumes/70/wr/mm7023e1.htm?s_cid=mm7023e1_w%20[cdc.gov])

3 <https://yourlocalepidemiologist.substack.com/p/pediatric-vaccines-top-8-parental>

4 <https://www.acog.org/news/news-releases/2021/07/acog-smfm-recommend-covid-19-vaccination-for-pregnant-individuals>

5 <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/recommendations/pregnancy.html>



5. SOBRANG mabisa ang bakuna.

Pinapakita ng mga klinikal na pagsubok na ang mga bakuna sa COVID-19 ay 90-100% na mabisa laban sa pagkahawa sa virus ng mga batang may edad 5-15⁶. Walang bata sa mga klinikal na pagsubok ang nagkaroon ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19. Gumagana ang bakuna laban sa mga variant, hinahadlangan ang pagkalat nito sa ibang tao⁷ at maari pa ngang mapabuti ng lagay⁸ para sa mga taong nakakaranas ng pangmatagalang epekto ng COVID-19. Ang pagpapabakuna ay nagdudulot din na maging banayad at mas maiksi ang karamdaman para sa mga iilang taong nagpositibo pagkatapos ng pagpapabakuna⁹.



6. Kahit nagkaroon na ng COVID-19 ang iyong anak, kailangan pa rin niyang magpabakuna.

Kailangang magpabakuna ng iyong anak, kahit na hindi naging malubha ang sakit niya dati mula sa virus. Pinapakita sa mga pag-aaral¹⁰ na nagdudulot ang bakuna ng mas pangmatagalang immunity kaysa sa natural na immunity (immunity mula sa pagkahawa sa sakit) at nagprotekta laban sa mga variant. Mahahadlangan ng pagpapabakuna na mahawa muli ang iyong anak sa virus.



7. Hindi binabago ng mga bakunang mRNA ng COVID-19 ang iyong DNA.

May mga bagay **ang mga bakunang mRNA na HINDI KAYANG** gawin:¹¹

- hindi iniiba o binabago ng mRNA ang iyong DNA
- hindi makakarating ang mRNA sa bahagi ng iyong selula kung saan naroroon ang DNA (tinatawag na nucleus)
- hindi mababago ng mRNA ang sarili nito at maging DNA

mahina ang mRNA at napakabilis na nasisira sa iyong katawan. Hindi nanatili sa iyong katawan ang mga sangkap at walang ano mang buhay, pinahina, o hindi nakahahawang bahagi ng virus na maaring manatili sa iyong katawan at magdulot ng problema kinalaunan sa buhay¹².

6 <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/recommendations/children-teens.html>

7 <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/science/science-briefs/fully-vaccinated-people.html>

8 <https://www.yalemedicine.org/news/vaccines-long-covid>

9 <https://www.cdc.gov/media/releases/2021/p0607-mrna-reduce-risks.html>

10 <https://yourlocalepidemiologist.substack.com/p/vaccine-for-5-11-year-olds-acip-cliff>

11 <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/different-vaccines/mrna.html>

12 <https://yourlocalepidemiologist.substack.com/p/pediatric-vaccines-top-8-parental>